

Filipino I Filipino

# Maging isang foster o kinship carer

Lahat ng mga bata at kabataan ay may karapatang maging ligtas, mapahalagahan at magkaroon ng edukasyon, at manirahan sa tahanan kasama ng isang mapag-arugang pamilya.

Ang mga foster at kinship carer ay nagbubukas ng kanilang mga puso at tahanan para sa mga bata at kabataan na hindi maaaring manirahan sa bahay na kasama ng sarili nilang pamilya dahil sa pang-aabuso o kapabayaan.

Ang mga foster carer ay nangangalaga sa mga bata at kabataan na may iba't ibang edad, pinagmulang kultura at relihiyon. Maaari silang magbigay ng pangangalaga para sa isa o dalawang gabi, ilang buwan, o kahit mga taon depende sa sitwasyon ng bata o kabataan at kakayahan ng carer.

## Sino ang maaaring maging carer (tagapag-alaga)?

Sinumang mahigit sa 18 taong gulang ay maaaring mag-aplay upang maging isang foster o kinship carer. Nangangailangan kami ng mga carer na lalaki o babae, walang asawa o mag-asawa, kasal o nasa relasyong defacto. Maraming ibat-ibang tao ang kinakailangan bilang mga carer upang mabuti naming mabagayan ang mga pangangailangan ng mga bata at kabataan na nangangailangan ng pangangalaga.

## Ano ang iba't ibang klase ng pangangalaga?

May iba't ibang klase ng pangangalaga na maaari mong maibigay para sa isang bata o kabataan, at mapipili mo ang antas ng pagtuon na magagawa mo batay sa sitwasyon ng sarili mong pamilya.

**Foster carer** — ang isang foster carer ay naaprubahan ng Kaligtasan ng Bata (Child Safety) upang mangalaga sa isang bata o kabataan sa sariling tahanan sa maikli o mahabang panahon.

**Kinship carer** — ang isang kinship carer ay isang kamag-anak, kapamilya, o iba pang mahalagang tao sa buhay ng isang bata o kabataan na naaprubahan ng Child Safety upang mangalaga sa kanila sa sarili nilang tahanan.

Kabilang sa iba pang klase ng pangangalaga ang panghaliling pangangalaga (respite care), pang-emerhensyang pangangalaga (emergency care) at foster care para sa mga may sukdulang pangangailangan (intensive foster care). Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa iba't ibang klase ng pangangalaga, pumunta sa www.qld.gov.au/becomefosterkinshipcarer

## Gusto mo bang maging isang carer?

Ang pagdadala ng mga anak ng ibang tao sa iyong pamilya ay maaaring maging kasiya-siya ngunit ito ay maaari ring hindi laging maging madali. Ang pagiging

Queensland Government

foster o kinship carer ay isang malaking desisyon para sa alinmang pamilya at mahalagang kausapin ang iyong pamilya at pag-isipan ang mga pagbabago at paghamon na kasama sa pangangalaga sa isang bata o kabataan.

## Ano ang tungkulin ng Pamahalaan ng Queensland?

Ang Kagawaran para sa mga Bata, Hustisya para sa Kabataan, at mga Ugnayang Multikultural (Child Safety) ang namumunong ahensya sa pagprotekta ng mga bata sa Queensland at iniuutos ng batas na tiyaking ang mga bata ay ligtas laban sa pang-aabuso, kapabayaan at pagkapinsala sa kanilang mga tahanan.

*Ang Child Protection Act 1999* ay (Batas sa Proteksyon ng Bata 1999) nagpapahintulot sa Child Safety na protektahan ang mga bata at kabataan na nanganganib ng pang-aabuso o kapabayaan sa pamamagitan ng paghahanap ng mga ligtas at mapag-arugang lugar upang doon sila tumira, batay sa kanilang mga pangangailangan.

## Paano ka magiging isang carer?

May ilang mga hakbang sa pagiging isang foster o kinship carer. Kakailanganin mong magkumpleto ng isang porma ng aplikasyon at sumailalim sa pagtasa at ilang pagsasanay bago ka maaprubahan bilang isang carer ng Child Safety.

Sa panahon ng pagtasa, maraming mga bagay ang isasaalang-alang kabilang ang sitwasyon ng iyong pamilya at ang mga tao na nakatira sa inyong tahanan, pagsusuri ng personal na kasaysayan, at ang mga dahilan kung bakit gusto mong maging isang carer. Isang pagsusuri sa kaligtasan ng sambahayan at pagsusuri sa kasaysayang-kriminal ay isasagawa, at ikaw at ang mga miyembro ng iyong sambahayan na nasa edad na ay kailangang mayroong mga “blue card”.

## Paano sinusuportahan ang mga carer?

Kung ikaw ay magiging isang foster o kinship carer, ikaw ay susuportahan sa maraming paraan. Ang mga serbisyo para sa foster at kinship care na pangangalaga na naka-base sa komunidad ay makikipagtulungan sa iyo upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga bata na nasa iyong pangangalaga.

Maaari kang humingi ng tulong mula sa Queensland Foster and Kinship Care, isang organisasyon na kumakatawan at sumusuporta sa mga foster at kinship carer. Ang mga carer ay makakatanggap din ng suporta mula sa mga carer na nasa pook, iba pang mga pamilya at kanilang komunidad.

## Mga allowance at benepisyo

Ang mga foster at kinship carer ay tumatanggap ng ‘caring allowance’ kada dalawang linggo (fortnightly) na pantulong sa mga gastusin ng pangangalaga para sa mga bata sa kanilang tahanan. Ang mga panghaliling tagapag-alaga (respite carer) ay tumatanggap ng allowance na kasukat sa panahong ginugugol nila sa pangangalaga para sa isang bata.

Saklaw nito ang mga karaniwang gastusin sa sambahayan, pagkain, pananamit, mga regalo, perang-pabaon at paglibang sa mga batang inaalagaan. May karagdagang allowance na maaaring ibigay para sa mga bata na may mga maraming pangangailangan, kumplikado o sukdulan. Iba pang mga pagsasauli ng nagasta para sa kaugnay na mga gastusin ng bata ay makukuha rin ng mga carer.

Ang mga carer ay maaaring maging karapat-dapat din para sa mga benepisyo ng Pamahalaang Komonwelt, gaya ng Family Tax Benefit Part A, Family Tax Benefit Part B, Child Care Subsidy, Parental Leave Pay, o Parenting Payment. Para sa karagdagang impormasyon, tawagan ang Centrelink sa 13 61 50 o bisitahin ang www.servicesaustralia.gov.au.

## Sino ang matatawagan mo para sa karagdagang impormasyon?

Tawagan ang Foster Carer Recruitment Line sa 1300 550 877.

Bisitahin ang www.qld.gov.au/becomefosterkinshipcarer upang alamin ang higit pa tungkol sa iba’t ibang klase ng pangangalaga at kung paano magiging isang foster o kinship carer.

Ang Translating and Interpreting Service (TIS National) ay isang serbisyo ng pagsasaling-wika para sa mga tao na hindi nagsasalita ng Ingles. Tumawag sa 131 452 o bisitahin ang www.tisnational.gov.au